Mensahe Labing-isa

## Ang Intrinsikong Kahulugan ng Pagkatakot sa Panginoon sa Ekonomiya ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Kaw. 1:1, 7; 2:4-5; 3:5-10; 8:13; 9:10; 10:27; 14:2, 26-27; 15:16, 33a; 16:6; 19:23

**I. Ang unang prinsipyo upang makapamuhay ang tao ng isang wastong pantaong buhay ay ang matakot siya sa Panginoon, na igalang ang Panginoon; ang matakot sa Panginoon ay ang matakot na masaktan ang Panginoon, na maiwala ang Kanyang presensiya, at ang hindi Siya matanggap bilang ating gantimpala sa susunod na kapanahunan; dapat tayong matakot na maiwala ang ngiti ng Panginoon sa kapanahunang ito at ang Kanyang gantimpala sa susunod—Kaw. 1:1, 7; Efe. 4:30; 2 Cor. 5:9-10:**

A. Ang matakot sa Panginoon ay ang isaalang-alang at pahalagahan Siya sa lahat ng bagay, hindi kinalilimutan na Siya ang kamangha-manghang Diyos na lumikha sa atin (Isa. 43:7); ang pagkatakot sa Panginoon ang pumipigil sa atin sa paggawa ng masama; ito rin ang nagsasanhi sa atin na mahipo ng mga pagdurusa ng iba at magpakita ng awa at habag sa kanila.

B. Ang matakot sa Panginoon ay hindi lamang ang pagtakas sa mga kasalanan bagkus gayundin, at lalo pa, ang pagtanggi sa sarili; ang pagkatakot sa Panginoon ay hindi lamang ang matakot na tayo ay nagkasala o na tayo ay makasanlibutan kundi ang matakot na ang ginagawa natin ay mula sa ating sarili, hindi mula sa Panginoon—Mat. 16:24; 2 Cor. 4:5.

C. Ang pagkatakot sa Diyos ay ang simula ng karunungan, at ang pagkakilala sa Banal na Isa ay pagkaunawa; ang pagkakilala, karunungan, at pagkaunawa ay nagmumula sa Diyos; kung kinatatakutan natin Siya, iginagalang Siya, ang mga ito ay magiging ating mga pag-aari—Kaw. 1:1, 7; 2:4-5; 3:5-10; 8:13; 9:10; 10:27; 14:2, 26-27; 15:16, 33a; 16:6; 19:23.

**II. Ipinropesiya ni Isaias na ang Espiritu ni Jehovah—ang Espiritu ng karunungan, ang Espiritu ng pagkaunawa, ang Espiritu ng payo, ang Espiritu ng kalakasan, ang Espiritu ng kaalaman, at ang Espiritu ng pagkatakot kay Jehovah—ay pasasa kay Kristo—Isa. 11:1-2:**

A. Ang Espiritu ay kasama ng Panginoong Hesus sa lahat ng panahon at kaisa Niya; Siya ay lumakad sa pamamagitan ng Espiritu at namuhay ng isang buhay sa loob, kasama, at sa pamamagitan ng (by, and through) Espiritu Santo; ipinakikita ng Isaias 11:2 na sa pantaong pamumuhay ng Panginoon, ang Espiritu ay naipakita kalakip ang lahat ng katangiang nasa itaas—Luc. 4:1, 14; 10:21; Juan 1:32; Mat. 12:28.

B. Sa Kanyang pantaong pamumuhay, si Hesus ay napuspos ng Espiritu ng paggalang, masunuring pagkatakot sa Panginoon; Siya rin ay nalugod sa pagkatakot sa Panginoon; sa Kanyang pagkabuhay na muli, Siya ngayon ang nagpapaloob ng lahat, masaganang nagtutustos na Espiritu ni Hesu-Kristo bilang Espiritu ng pagkatakot kay Jehovah, na kinapapalooban ng di-maipaliwanag na pantaong pamumuhay at ministeryo ng Panginoong Hesus—Isa. 11:2-3; Fil. 1:19:

1. Walang tao kailanman ang natakot sa Diyos nang gaya ni Hesus; sa pagsasagawa ng Bagong Tipang ministeryo ng Diyos, sinabi sa atin ng Panginoong Hesus na hindi Siya gumawa ng anuman sa Kanyang sarili (Juan 5:19), hindi Siya nagkaroon ng Kanyang sariling gawain (4:34; 17:4), hindi Siya nagsalita ng Kanyang sariling salita (14:10, 24), ginawa Niya ang lahat ng bagay hindi sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban (5:30), at hindi Niya hinanap ang Kanyang sariling kaluwalhatian (7:18).
2. Si Hesus ay namuhay ng isang buhay kung saan ginawa Niya ang lahat ng bagay sa loob ng Diyos, kasama ang Diyos, at para sa Diyos; ang Diyos ay nasa Kanyang pamumuhay, at Siya ay kaisa ng Diyos; ito ang realidad na na kay Hesus (Efe. 4:20-21); kailangan nating hilingin sa Panginoon bilang ang Espiritu ng realidad na gabayan tayo tungo sa realidad ng pagdaranas sa Kanyang buhay ng pagpapasakop at sa Kanyang buhay ng pagsunod sa Ama (Juan 16:13; Fil. 2:5-11).

3. Araw kada araw ay kailangan nating ganap at lubusang magbukas sa Ama at hilingin sa Kanya na punuan tayo ng nabuhay na muling Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritu, na siya ring ang Espiritu ng pagkatakot sa Panginoon na kinapapalooban ng pantaong pamumuhay at ministeryo ng Panginoong Hesus—Luc. 11:5-13.

**III. Ang matakot sa Diyos ay ang magtiwala sa Kanya—Kaw. 3:5-8, 26; 16:1, 9, 20, 33; 19:21; 30:5-6:**

A. Inaatasan tayo ng Kawikaan 3:5-8 na magtiwala sa Panginoon ng ating buong puso at huwag manalig sa ating sariling pang-unawa; sa lahat ng ating daan ay dapat nating kilalanin Siya, at itutuwid Niya ang ating mga landas; huwag tayong maging pantas sa ating mga mata; dapat tayong matakot sa Panginoon at lumayo sa kasamaan; ito ay magiging kagalingan sa ating katawan at kaginhawahan sa ating mga buto.

B. "Mapalad ang tao na nagtitiwala [kay Jehovah] / at ang pag-asa ay [si Jehovah]. / Sapagkat siya'y magiging tulad ng punongkahoy na itinanim sa tabi ng tubig, / At gumagapang ang mga ugat sa tabi ng batis, / At hindi natatakot kapag dumarating ang init; / Sapagkat ang mga dahon nito ay nananatiling sariwa, / At hindi ito mababalisa sa taon ng pagkatuyo/ Sapagkat hindi ito tumitigil sa pamumunga"—Jer. 17:7-8:

1. Ayon sa ekonomiya ng Diyos, ang isa na nagtitiwala sa Diyos ay gaya ng isang punong itinanim sa tabi ng tubig, sumasagisag sa Diyos bilang bukal ng mga buháy na tubig—2:13.
2. Ang isang puno ay lumalago sa tabi ng ilog sa pamamagitan ng pagsipsip sa lahat ng kayamanan ng tubig; ito ay isang larawan ng ekonomiya ng Diyos, na naisasagawa sa pamamagitan ng Kanyang pamamahagi; upang makatanggap ng dibinong pamamahagi, dapat sipsipin natin, bilang mga puno, ang Diyos bilang tubig—cf. 1 Cor. 3:6.
3. Ang kayamanan ng nagtutustos na Diyos na naipamahagi sa atin bilang mga puno ay binubuuan tayo ng pagkadibino ng Diyos at sinasanhi tayo na lumago tungo sa sukat ng Diyos (Col. 2:19); sa ganitong paraan, tayo at ang Diyos ay nagiging isa, nagtataglay ng parehong elemento, esensiya, pagkakabuo, at anyo (Apoc. 4:3; 21:11).

C. Ang nakikinig sa salita ay makasusumpong ng kabutihan, at pinagpala ang nagtitiwala sa Panginoon (Kaw. 16:20); ang Panginoon ang ating magiging pagtitiwala, at iingatan Niya ang ating mga paa sa pagkahuli (3:26).

D. Natututuhan ng mga umiibig sa Diyos ang pagkatakot sa Diyos sa pamamagitan ng pagdulog sa Panginoon sa mga Kasulatan (2:3-5; Juan 5:39-40); tayo ay inuutusan na kumapit at sumunod sa Salita ng Diyos bilang patunay ng ating pagkatakot sa Diyos (Deut. 6:2).

**IV. Ang matakot sa Panginoon ay nangangahulugang pinararangalan din natin Siya:**

A. Sinasabi ng Kawikaan 3:9-10 na dapat nating parangalan ang Panginoon ng ating kayamanan at ng mga unang bunga ng lahat ng ating ani; sa gayon ay mapupuno nang sagana ang ating imbakan, at aapawan ng bagong alak ang ating mga sisidlan.

B. Hindi tayo dapat yaong mga gumagawa ng mas maraming salapi upang mag-ipon ng kayamanan para sa ating kinabukasan; sa pinakamaliit ang ikapu, ang mga unang bunga, ng ating ani ay dapat ibigay sa Diyos; dapat tayo laging bukas-palad sa pagbibigay ng mga bagay na ibinigay sa atin ng Diyos; ito ay nagpaparangal sa Diyos—Mal. 3:7-12; 2 Cor. 9:6-8.

C. Dapat tayong magsumamo sa Panginoon na ilakip ang ating puso sa pagkatakot sa Kanyang pangalan; "Ituro Mo sa akin, O [ Jehovah], ang Iyong Daan; / Upang makalakad ako sa Iyong katotohanan. / Ilakip Mo ang aking puso sa pagkatakot sa Iyong pangalan"—Awit 86:11.

D. Kailangan nating "magsipaglinis [ng ating sarili] mula sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, na pinasasakdal ang kabanalan sa takot sa Diyos"; ang pagkatakot sa Diyos dito ay ang hindi pangangahas na hipuin ang mga bagay na hindi nabibilang sa Diyos o walang kaugnayan sa Kanya—2 Cor. 7:1; 6:17.

E. Ang mapasaloob ng pagkatakot kay Kristo ay ang matakot na masaktan Siya bilang Ulo; ito ay kinapapalooban ng ating pagpapasakop sa isa't isa; kailangan nating paglingkuran ang

Panginoon nang may takot; sa gayon ay iibigin natin ang Panginoon upang magalak at magtamasa sa Panginoon—Efe. 5:18-21; Awit 2:11-12; Heb. 12:28.

F. Tayong lahat ay dapat magkaroon ng wastong pagkatakot sa Diyos sapagkat tayong mga mananampalataya sa loob ni Kristo ay haharap sa luklukan ng paghahatol ni Kristo; sa panahong iyon, hahatulan ni Kristo ang Kanyang mga mananampalataya sa Kanyang pagbabalik, hindi hinggil sa kanilang walang hanggang kaligtasan kundi hinggil sa kanilang pampanahunang gantimpala—2 Cor. 5:10; 1 Cor. 4:4-5; 3:13-15; Roma 14:10.

G. Ang pagkatakot sa Panginoon ay isang paraan upang pahabain ang buhay (Kaw. 10:27); Ang Diyos ay umiibig, nagliligtas, nagpoprotekta, nagpapala, at nagtutustos sa mga natatakot sa Kanya (Awit 103:11, 13, 17; 85:9; 60:4; Kaw. 14:26-27; Awit 115:12-13; 34:9; 111:5).

H. Ang mga halimbawa ng mga natakot sa Panginoon ay sina Noe (Heb. 11:7), Abraham (Gen. 22:12), Jose (42:18), David (Awit 2:11-12; 5:7), Nehemias (Neh. 1:11; 5:9, 15), at ang unang ekklesia (Gawa 9:31).

**V. Ang banal na pagkatakot sa Panginoon sa katunayan ay isang pinagmumulan ng kagalakan (Awit 2:11) bilang isang bukal ng buhay (Kaw. 14:27) at bilang puno ng buhay (11:30) upang ipamahagi ang Diyos tungo sa atin para sa pagsasagawa ng Kanyang ekonomiya:**

A. Ang pagkatakot sa Panginoon ay isang bukal ng buhay, upang ang isang tao ay bumaling mula sa mga silo ng kamatayan; ang matakot sa Panginoon, ang magtiwala sa Panginoon, at ang magkubli sa pangalan ng Panginoon ay ang lumakad sa mga landas ng buhay (2:19; 5:6; 10:17; 14:27; 19:23; Aw. 16:11); ang mga landas ng buhay ay mga landas ng puno ng buhay, na ang pinagmumulan ay ang Diyos Mismo (Kaw. 3:13, 18; 11:30; 13:12; 15:4).

B. Ang pagkatakot sa Panginoon ay humahantong sa buhay; ito ang makitid na daan (ang daan ng kakaunti, hindi ng marami) na humahantong sa buhay; ang mga landas ng buhay ay upang mamuhay tayo sa loob ng Diyos at sa gayon ay mahipo at matamo ang buhay; ang mga landas na ito ay ang mga lansangan na inilagay ng Diyos sa ating puso upang tayo ay makapasok sa Kanya—19:23; Mat. 7:13-14; Awit 84:5.

C. Ang mga daan ng kamatayan ay ang mga daan ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama, ang pinagmumulan nito ay si Satanas at naipapakita ito sa ating sarili; ang mamuhay sa sarili ay ang mawalan ng presensiya ng Diyos, ang lumakad sa mga daan ng kadiliman, at ang maging walang buhay—Kaw. 2:13; 3:5-7; 14:12; 16:25; Efe. 5:2, 8-9.

**VI. Ipinangako ng Diyos sa atin, na Kanyang bayan, ang isang puso at isang daan, upang katakutan Siya sa lahat ng araw, para sa ating sariling kapakanan at para sa kapakanan ng ating mga anak na kasunod natin, at inilagay Niya ang Kanyang pagkatakot sa ating mga puso, nang sa gayon ay hindi tayo lumayo sa Kanya—Jer. 32:39-40:**

A. Tayo, ang piniling bayan ng Diyos, ay dapat magtaglay ng isang puso—upang ibigin ang Diyos, upang hanapin ang Diyos, upang ipamuhay ang Diyos, at upang mabuuan ng Diyos upang tayo ay maging Kanyang kahayagan—at isang daan—ang Tres-unong Diyos Mismo bilang panloob na kautusan ng buhay kalakip ang dibinong kapasidad nito—b. 39; 31:33-34; Juan 14:6a; Roma 8:2.

B. Ang isang puso at isang daang ito ay ang isang puso't kaisipan (Gawa 1:14; 2:46; 4:24; Roma 15:6); ang mga pagkakabahagi ay nagreresulta mula sa pagkakaroon ng isang puso para sa ibang bagay maliban kay Kristo at kinukuha ang isang daan maliban kay Kristo.

C. Ang Diyos ay gumawa ng isang walang hanggang tipan, ang bagong tipan; sa pamamagitan ng tipang ito na ang Diyos ay hindi lalayo sa atin, at inilalagay Niya ang pagkatakot sa Kanya sa ating mga puso, upang hindi tayo lumayo sa Kanya—Jer. 32:40.

D. Kapag tayo ay natatakot sa Diyos, tayo ay tinatagubilinan ng Diyos hinggil sa daan na dapat nating piliin, at nagagawa nating malaman ang matalik na payo ng Diyos at ang Kanyang tipan; tanging yaong mga natatakot sa Diyos ang magtataglay ng pahayag ng Diyos ng Kanyang tipan, at ibibigay lamang Niya ang Kanyang matalik na payo sa mga natatakot sa Kanya—Awit 25:12, 14.

**VII. Ang pagkatakot sa Panginoon at ang pag-ibig sa Panginoon ay ang dalawang kamangha-manghang resulta ng kapatawaran ng ating mga kasalanan:**

A. Ang kapatawaran ng Diyos ay hindi nagsasanhi sa tao na maging mapangahas at walang ingat; ang biyaya ng kapatawaran ng Diyos ay nagdadala sa tao tungo sa pagkatakot sa Panginoon; "Sa Iyo'y may kapatawaran, / Upang Ikaw ay katakutan"—130:4.

B. Ang biyaya ng kapatawaran ng Diyos ay nagsasanhi rin sa atin na ibigin ang Diyos; ang dahilan kaya inibig nang lubos ng makasalanang babae sa Lucas ang Panginoon ay yaong siya ay pinatawad nang lubos ng Panginoon—Luc. 7:39-50.

C. Lalo tayong pinatatawad ng Panginoon, lalo natin Siyang kinatatakutan; at lalo natin Siyang kinatatakutan, lalo natin Siyang iniibig; sa negatibong panig, dahil kinatatakutan natin Siya, iniiwasan nating gumawa ng mga bagay na hindi kalugud-lugod sa Kanya; sa positibong panig, dahil iniibig natin Siya, ginagawa natin ang mga bagay na nakalulugod sa Kanya.

**VIII. Ipinakikita sa atin ng Kawikaan 31 ang dalawang modelo ng mga natatakot sa Panginoon; sa isang panig, dapat tayong mamuhay gaya ng isang hari, isang maharlikang tao gaya ng Panginoon, na nagtataglay ng awtoridad upang mamuno; sa kabilang panig, dapat tayong maging isang karapat-dapat na babae, na nalalaman kung paano magsaayos, mangasiwa, mangalaga, at magtustos sa mga pangangailangan ng mga banal sa bahay ng Diyos:**

A. Binabanggit ng Kawikaan 31:3 hanggang 9 ang tungkol sa isang namumunong hari—isa na hindi manginginom ng alak kundi nagsasalita para sa karapatan ng iba at naghahain ng katarungan (sumasagisag kay Kristo at sa Kanyang mga mandaraig); ang ganitong uri lamang ng tao ang makapaghahari:

1. Ang ating Panginoon ay lubusang nasa ilalim ng limitasyon ng Diyos; kaya, Siya ay makapaghahari para sa Diyos; kung tayo ay malilimitahan ng Diyos at sa gayon ay magtutuos ng ating sarili, tayo ay makapaghahari para sa Diyos.

2. Sa pamumuno sa mga tao, ang hari ay dapat munang maturuan, mapamahalaan, mapamunuan, at makontrol ng salita ng Diyos; ang prinsipyo ay gayundin sa mga matanda sa mga ekklesia—Deut. 17:14-20:

   a. Upang makapamahala, makapangasiwa, ng ekklesia, ang mga matanda ay dapat mabuuang muli ng banal na salita ng Diyos; bilang resulta, sila ay mapasasailalim sa pamahalaan ng Diyos, sa ilalim ng pamumuno at kontrol ng Diyos.

   b. At kusang-kusa, ang Diyos ay magiging nasa kanilang mga desisyon, at kakatawanin ng mga matanda ang Diyos upang pangasiwaan ang mga bagay-bagay ng ekklesia; ang ganitong uri ng pamamahala ay teokrasya.

B. Ang Kawikaan 31:10 hanggang 31 ay naglalarawan ng isang karapat-dapat na babae (12:4; 19:14; Ruth 3:11)—isa na marunong, mabait, masipag, at may kakayahan at makapagsasaayos, makapapangasiwa, at makapagtutustos para sa kanyang sambahayan; "Siya'y higit na mahalaga kaysa mga batong rubi" (Kaw. 31:10); ang kanyang kaluwalhatian ay lumalampas sa lahat ng kanyang mga kasamahan (b. 29); ang karapat-dapat na babaeng ito ay sumasagisag sa ekklesia at sa mga banal na umiibig sa Panginoon:

1. Ang pangunahing katangian ng isang karapat-dapat na babae ay yaong siya ay natatakot sa Panginoon (magalang na sumasamba, sumusunod, naglilingkod, at nagtitiwala sa Panginoon na may pagrespetong puspos ng paggalang at pagkatakot); "Ang alindog ay madaya, at ang ganda ay walang kabuluhan; / Ngunit ang babaeng natatakot [kay Jehovah] ay papupurihan"—b. 30.

2. Ang puso ng asawa ng isang karapat-dapat na babae ay nagtitiwala sa kanya; "Gumagawa siya ng mabuti sa kanya at hindi kasamaan / Sa lahat ng araw ng kanyang buhay" (b. 12); "Kilala ang kanyang asawa sa mga pintuang-bayan, / kapag siya'y nauupong kasama ng matatanda sa lupain" (b. 23).

3. Ang gayong karapat-dapat at masiyasip na babae ay mula sa Panginoon bilang isang putong sa kanyang asawa (12:4); ang kanyang mga anak at asawa ay bumabangon at tinatawag siyang pinagpala (31:28); pinupuri din siya ng kanyang asawa sa pagsasabi na siya ay humihigit sa iba (b. 29).
4. Dapat makita ng isang asawang lalaki sa pamamagitan ng kanyang sariling mga mata ang "dalisay na paraan ng pamumuhay sa loob ng pagkatakot" ng kanyang asawa; ang kanyang paggayak ay hindi dapat ang panlabas na paghihiyas ng buhok at pagsusuot ng mga hiyas na ginto o pagbibihis ng maringal na damit, "kundi ang natatagong tao ng pusong may gayak na walang kasiraan ng espiritung maamo at tahimik, na napakahalaga sa paningin ng Diyos"—1 Ped. 3:1-4.
5. Sa wastong buhay-ekklesia, ang mga kapatid na babae ay dapat "gayakan...ang kanilang mga sarili ng maayos na pananamit na may kahinhinan at kahinahunan [pagpipigil sa sarili], hindi nang may nakatirintas na buhok at ginto at mga perlas o mamahaling damit; kundi, ng yaong umaangkop sa mga babae na nagpapahayag ng makadiyos na pagpipitagan, sa pamamagitan ng mabubuting gawa"; ang makadiyos na pagpipitagan ay isang makadiyos na pagkatakot sa Diyos, isang pagpipitagan at pagpaparangal sa Diyos, gaya ng naaangkop sa isang sumasamba sa Diyos—1 Tim. 2:9-10.
6. Ang mga mas nakatatandang babae ay dapat maging mapitagan sa kanilang pag-uugali, sa kanilang tikas, upang "kanilang masanay ang mga kabataang babae na maging mga mangingibig ng kanilang mga asawa, mangingibig ng kanilang mga anak, mahinahon ang kaisipan, malinis, masipag sa bahay, mabuti, nagpapasakop sa kani-kaniyang asawa, upang huwag malapastangan ang salita ng Diyos"—Tito 2:3-5.

C. Sa aspekto ng pananaig, dapat tayong maging gaya ng isang hari; sa aspekto ng pag-ibig sa Panginoon, dapat tayong maging gaya ng isang karapat-dapat na babae; sasanhiin tayo ng pagiging ganito na magkaroon ng halaga at kaluwalhatian sa harapan ng Panginoon.

*© 2020 Living Stream Ministry*